

- Bilang dagdag sustansya naman sa pagkain ng alagang isda, maghalo ng 1 litrong FAA sa bawat 10 kilong pagkain ng isda.

#### Production Team

#### Consultants

Renato A Maguigad  
Center Director

Imelda M. Guillermo  
Head, Technical Support Services

Marites E. Frogoso  
Head, Training Services

Dr. Jimmy Q. Abarabar  
Coordinator Organic Agriculture

#### Writers

Ma. Norma G. Maddalora

Info. Officer II  
Claris M. Alaska  
Agriculturist II

#### Proofreader

Arlyn G. Ong

#### Layout and Design

Teodoro B. Bauí  
Artist Illustrator II



Reprinted by:  
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE  
Diliman, Quezon City

# PAGGAWA NG KATAS NG BURONG ISDA (KBI) FISH AMINO ACID (FAA)



Department of Agriculture  
**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**  
Regional Training Center-Region 2  
Cabagan, Isabela and San Mateo, Isabela

#### References:

- Training of Trainers on AgriPinoy Program, Training Manual. Philippine Rice Research Institute, Science City of Munoz, Nueva Ecija. November 8-12, 2010.
- Natural Farming Inputs. Paper presented during the Training of Trainers on Organic Agriculture, October 24-28, 2011. Bacolod City, Negros Occidental.

Ang Katas ng Burong Isda (KBI) o Fish Amino Acid (FAA) ay katas mula sa binurong isda. Ito ay nagtataglay ng iba't-ibang elemento at mga pangunahin amino acid na kinakailangan sa paglago ng mga dahon at sanga ng halaman. Nagtataglay ito ng calcium at asin na may mahahalagang papel sa kalusugan ng halaman.

Maliban sa taglay nitong pataba, may taglay din itong pampaalis ng peste sa halaman.

Ito rin ay magandang alternatibo at natural na mapagkukunan ng protina at sustansya panghalo sa pagkain ng hayop, lalo na sa manok, itik, baboy at isda.

#### Gawain ng KBI o FAA

Nagpapalago ng dahon at sanga ng pananim at nagbibigay ng natural na protina sa mga alagang hayop.

Mga kailangang Materyales sa Paggawa:

- Lalagyan (earthen jar or food grade plastic container or bottle)
- Malinis na papel
- Tali
- Timba
- Molasses
- Tinik, kaliskis, bituka, hasang ng isda o kuhol

#### Paraan ng Paggawa ng KBI o FAA

1




Ilagay ang tinik, bituka, hasang at balat/kaliskis ng isda sa isang batya. Dagdagan ng kasing dami ng molasses (1:1kg).  
Haluing mabuti.

2



Ilagay sa plastic na sisidlan (timba) para buruhin.

3



Takpan ng malinis na papel at ilagay sa malamig, malilim at malinis na lugar. Kunin ang sabaw pagkaraan ng 20 araw. Panatilihing nakatago sa madilim at malamig na lugar pagkatapos gamitin.

Paraan ng Paggamit:

- Ihalo ang 1-2 latang sardinas na KB-Isda sa bawat 16 litrong tubig o isang knapsack sprayer na tubig.
- Idilig o iisprey sa halaman sa umaga o hapon bilang pampalago sa mga batang halaman at suportang pagkain sa namumungang gulay at prutas. Maglagay minsan isang linggo o minsan bawat dalawang linggo simula dalawang linggo pagsibol ng binhi o pagkalipat tanim hanggang sa pamumunga.
- Bilang dagdag sustansya sa pakain ng mga alagang hayop, maghalo ng 2 kutsarang FAA sa bawat pagkain ng baboy o kaya, maghalo ng 1 kutsarang FAA sa bawat litrong painuming tubig sa baboy, itik at manok.